Republic of the Philippines
Department of Education
Region VI – Western Visayas
**DIVISION OF AKLAN**
Kalibo, Aklan

September 27, 2017

To: **Chief Education Supervisors**
**Education Program Supervisors**
**Senior/Education Program Specialists**
**Public Schools District Supervisors**
**Principals/Head Teacher In-Charge of the District**
**Heads of Public Secondary and Integrated Schools**

Dear Sirs/Mesdames:

Attached herewith is a letter from Mr. Cezar Ryan S. Doromal, President of Samahan ng mga Gurong Mag-aaral na Nagpapakadalubhasa sa Filipino (SGMNF) of Aklan Catholic College, Kalibo, Aklan which content is self-explanatory.

Attendance of interested teachers is on "Official Time", "NO DISRUPTION OF CLASSES POLICY" will be observed and on a voluntarily basis only. Parents consent will be secured for each Junior and Senior High School students attending.

For your information and guidance.

Very truly yours,

**Dr. ERNESTO F. SERVILLON, Jr., MNSA, CESO VI**
Asst. Schools Division Superintendent
Officer In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

**DIVISION LETTER**
**No. 173, s. 2017**

MFR/cdb

*Aklan Catholic College*
Archbishop Gabriel M. Reyes St.
5600 Kalibo, Aklan, Philippines
*Tel. Nos.*: (036)268-4152; 268-9171
*Fax No.*: (036)268-4010
*Website*: http://www.acc.edu.ph
*E-mail Add*: aklancollege@yahoo.com

DepED Region VI
Division of Aklan
RECEIVED
Date: 06 SEP 2017
Time: 2:58 p.m
Signature:

4 Setyembre 2017

**DR. ERNESTO F. SERVILLON, JR, MNSA**
Asst. Schools Division Superintendent
Officer-In-Charge
Office of the Division School Superintendent
Division of Aklan

Mahal na Dr. Servillon:

Pagbati!

Sa patuloy na pagsulong ng Wikang Filipino sa globalisasyon, ang **Samahan ng mga Gurong Mag-aaral na Nagpapakadalubhasa sa Filipino (SGMNF)** ng Aklan Catholic College sa ilalim ng Disiplinang Filipino sa antas Tersyarya ay pangungunahan ang isang Pampaaralang *Conference-Workshop* na dadaluhan ng mga mag-aaral sa antas tersyarya, BSEd- Filipino at BEEd na mag-aaral, mga *Junior* at *Senior Highschool* na mag-aaral, at ng mga *staff* ng *school publication* ng eskwelan. Papaksain ng *conference-workshop* ang **Pagsalunga at Pag-uswag: Wikang Filipino sa Edukasyon, Midya, at Panitikan.** Tatalakayin sa gawaing ito ang kahalagahan at gamit ng wikang Filipino sa edukasyon, midya at panitikan na siyang pinalalakas natin tungo sa globalisasyon. Tatlong erya ang bibigyang-pansin ng gawaing ito: **sa edukasyon- ang lektyur sa Istruktura ng Wikang Filipino na susundan ng lektyur at *workshop* sa pagbuo ng banghay-aralin sa Filipino** (para sa mga guro at mag-aaral sa antas tersyarya), **sa midya- *creative writing and journalistic writing workshop*, at sa panitikan- *fiction and poetry writing workshop*.** Pipili ng tatlong (3) pararangalang pinakamagaling na *output* sa Malikhain at Mapagsiyasat na Pamamahayag *(Creative and Investigative Journ)*. Gaganapin ang *conference-workshop* sa **Oktubre 6-7, 2017 sa *Cafeteria*, at himnasyum ng Aklan Catholic College, Kalibo, Aklan.**

**Isa sa mga layunin ng SGMNF na maitaguyod ang pagpapatatag at pag-uswag ng wikang Filipino sa akademya at sa komunidad ng lalawigan.** Nais ibahagi ng SGMNF ang gawaing ito sa mga guro at estudyante ng Aklan na gustong makilahok sa gawaing ito. Kaugnay po nito, hinihingi namin ang inyong pahintulot na makapag-anyaya ng mga guro at mag-aaral mula sa mga karatig-eskwelahan. **Ang samahan ay humihingi ng rehistrasyon sa halagang Php 250.00 para sa *Junior* at *Senior High School* at Php 350 para sa antas kolehiyo at sa mga guro**. Ang nasabing halaga ay ilalaan para sa meryenda sa dalawang araw (umaga at hapon), materyales na gagamitin sa worksyap, at sertipiko. **Bibigyan ng 10% diskwento ang makakapagparehistro at makakapagbayad simula Setyembre 11-29, 2017. Maaring magdala hanggang 40 kalahok ang mga eskwelahan na maagang makapagpapatala. Ang huling araw ng rehistrasyon ay sa Oktubre 4, 2017.** Ang mga gurong sasamang tsaperon ay ililibre ng rehistrasyon. Ang liham na ito ay ilalakip sa komunikasyon na ipapadala sa mga eskwelahan.

Mapalad tayong napaunlakan ng mga eksperto sa paksaing ito, ang magagaling na propesor ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman mula sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas

(DFPP), University of Santo Tomas, Cebu Normal University, at ng primyadong Akeanon *Poet* na silang magiging tagapagsalita at tagapagdaloy ng gawain.

Lubos naming ikalulugod ang inyong suporta sa gawaing ito. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**Cezar Ryan S. Doromal**

Pangulo, SGMNF

Pinansin:

**PROF. MHARGIE G. MORALES**
Tagapayo, SGMNF at Patnugot ng Disiplinang Filipino

**DR. PROFETIZA I. MAATUBANG**
Dekana, Departamento ng Kaguruan at Malayang Sining

**G. BYRON PAUL C. BEADOY**
*Vice-President for Academic Affairs*

**REV. FR JOSE GUALBERTO I. VILLASIS**
Rector at Pangulo

Inaprubahan :

**DR. ERNESTO F. SERVILLON, JR, MNSA**
Asst. Schools Division Superintendent